Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: 
Date: FEB 11 2020 By:
RELEASED

e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**Memorandum Pansangay**
**Blg. 260 , serye 2020**

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Elementarya
Guro sa Filipino Baitang 5 at 6

Mula kay: **MA. LIZA R. TABILON EdD,CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay Na Seminar-Workshap Sa Mga Paraan Ng Pagtuturo Ng Mga Kasanayang Di-Gaanong Nalilinang**
(Baitang 5 at Baitang 6)

Petsa: Pebrero 7, 2020

1. Batay sa resulta ng sarbey sa mga mag-aaral ng Baitang 5 na isinagawa ng Sangay noong nakalipas na Hulyo 2019 hinggil sa mga kasanayang di-gaanong nalilinang at mga dahilan ng di pagkalinang nito, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng **Pansangay Na Seminar-Workshap Sa Mga Paraan Ng Pagtuturo Ng Mga Kasanayang Di-Gaanong Nalilinang** (Baitang 5 at Baitang 6) ngayong darating na **Abril 14-16, 2020** sa Mibang Hotel, Lungsod ng Dipolog. *Check-in time* ay 12:00NN ng Day 0 (Abril 14) at *Check-out time* ay 12:00NN ng Abril 16, 2020. Magsimula ang gawain sa ika **isa** ng Hapon ng Abril 14 at magtatapos sa ikalabindalawa ng Tanghali ng Abril 16, 2020.

2. Ang workshap na ito ay naglalayong:
   a. lubos na mapagyaman at malinang ang pagtuturo ng Filipino bilang tugon sa hamon ng binagong kurikulum;
   b. matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino upang higit na maiangat ang kalidad ng pagtuturo;
   c. komprehensibong matatalakay ang mga pamamaraang angkop sa pagli-linang ng mga batayang kasanayang di-gaanong nalilinang; at
   d. makapag-ambag ng pinagyamang banghay-aralin para sa Baitang 5 at 6.

3. Ang mga kalahok sa naturang workshap ay **35** na guro ng Baitang 5 at **35** na guro ng Baitang 6 na nakatala sa Listahang **kalakip Blg 1** ng Memorandum na ito.

4. Bago pa man darating ang palihang ito ay inaasahang makabuo na ng hulwarang banghay-aralin ang mga kalahok na magbabatay mula sa halimbawa na kalakip dito upang sa pagdating sa venyu ay maipasa ang *hard* at *soft copy* sa *Quality Assurance* (QA) Team at hindi mahirapan ang guro na mangalap ng mga babasahin, *worksheets* at iba pang gagamitin para sa pangkatang gawain na gagawin ng guro sa paglilinang ng aralin.

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

5. Inaasahan ang mga kalahok na tauspusong bubuo ng banghay-aralin sa layuning nakatalaga sa kanya at tatanawin itong isang malaking ambag sa Filipino tungo sa dekalidad na edukasyon ng mga kabataan. Malaya ang mga kalahok na bubuo ng sarili nilang paraan sa paglilinang ng aralin at gumamit ng angkop na mga babasahin ayon sa tawag ng uri ng araling nililinang. Iba ang gagamiting babasahin sa paglilinang ng aralin sa babasahing gagamitin sa ebalwasyon. Ang ebalwasyon naman ay nakaayon sa makabagong Bloom's Taxonomy at may **limang aytem** na pagsusulit na may apat na pagpipilian. Hindi na kasali sa pagbuo ng aytem ang antas na kaalaman.

6. Ang Talaan ng mga layunin na gagawan ng hulwarang banghay-aralin ng bawat kalahok at ang kani-kanilang takda ay **kalakip Blg.2** ng Memorandum na ito.

7. Dalawang sertipiko ang tatanggapin ng mga kalahok sa gawaing ito: 1)Sertipiko Ng Paglahok at 2) Sertipiko Ng Pagkilala bilang tagasulat ng Hulwarang Banghay-Aralin na gagamitin ng buong sangay sa susunod na pasukan.

8. Pagkalooban ng tatlong (3) araw na *service credit* ang mga kalahok dahil sa mataon sa bakasyon ang nasabing palihan ng mga guro.

9. Ang gastusin sa pagkain at akomodasyon ng mga kalahok, Tagapanayam/Komite, *materials* at *supplies*, sertipiko at iba pang *incidental expenses* ay kukunin mula sa pondo ng Sangay samantalang ang pamasahe ng mga kalahok mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa School MOOE na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
SEMINARS
CURRICULUM
LESSON PLANNING
LEARNING AREA, FILIPINO

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

## LISTAHAN NG MGA KALAHOK SA PANSANGAY NA SEMINAR-WORKSHAP SA MGA PARAAN NG PAGTUTURO NG MGA KASANAYANG DI-GAANONG NALILINANG

**(Baitang 5 at Baitang 6)**

**Abril 14-16, 2020- Mibang Hotel**

| Distrito | Guro ng (Baitang 5) | Guro ng (Baitang 6) |
|---|---|---|
| 1. La Libertad | Gemma P. Mayonila | Charity J. Duhaylungsod |
| 2. Rizal | Rerocell R. Bolay-og | |
| 3. Sibutad | Adela B. Bongcawil | Tita T. Baldamor |
| 4. Polanco I | Marilisa E. Malagueño | Lilibeth Baes |
| 5. Polanco II | Esterloli Tulabing | Anecita Cora A. Kilat |
| 6. Piñan | Jerry Boy A. Taotao | Cory Mae C. Lumayot |
| 7. Mutia | Ollie D. Gadayan | Adelene Tanilon |
| 8. Sergio Osmeña I | Fima B. Ontolan | Elsa B. Canizar |
| 9. Sergio Osmeña II | Joy O Villa | Chelly R. Balucos |
| 10. Katipunan I | Ma. Lily Velasco | Susan G. Panoril |
| 11. Katipunan II | Ruth V. Acevedo | Warlen B. Becalas |
| 12. Roxas I | Virginia T. Cabus | Melonie Pausal |
| 13. Roxas II | Hazel M. Maningo | Marieta B. Castillo |
| 14. Manukan I -East | Jisica A. Mawile | Myraluna Vailocis |
| Manukan I- West | Melchor S. Tulabing | Audrey Christine Uy |
| 15. Manukan II | Virgilia B. Jamarolin | Regie B. Pampilo |
| 16. Ponot | Christie Marie T. Hamoy | Jade G. Credo |
| 17. Sindangan North | Emmylou P. Lopez | Mary Ann Aguilar – Bago ES |
| 18. Sindangan Central | Elena A. Requilme | Jocelyn Magtajas |
| 19. Sindangan South | Monina T. Baidiango | Mercy A. Cuenca |
| 20. Siayan | Evangeline T. Calapiz | Luna May B. Melindo |
| 21. Bacungan | Jessa Mariz L.Calimot | Ferly A. Sumalinog |
| 22. Godod | Zita B. Caperig | |
| 23. Tampilisan | Fe A. Caperig | Teodosia L. Cabarrubias |
| 24. Liloy I | Meichel Jay I. Daluz | Virgilia T. Daarol |
| 25. Liloy II | Marivic M. Baquirquir | Luzbella R. Salapac |
| 26. Salug I | Algen Nhova S. Mejorada | Grace Escalicas |
| 27. Salug II | Jerry C. Brobo | Juvy A. Pamil-Lipakan ES |
| 28. Kalawit | Jason L. Jaligue | Elsa O. Lugsanay |
| 29. Labason | Marissa H. Adaro | Carmen G. Rebecca |
| 30. Gutalac I | Hector R. Villagracia | Cheryl Tumpag |
| 31. Gutalac II | Marcelina P. Maraporio | Daisy E. Quiniquito-Buenavista ES |
| 32. Baliguian | Joan Bailo | Lindora G. Papud – Mamad ES |
| 33. Siocon | Almie T. Esperat | Maricar E. Acaylar |
| 34. Sirawai | Lineth F. Vivares | Apple P. Mortejo |
| 35. Sibuco | Rahsa Bica | Eilen Teves |

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 060, serye 2020

**PANSANGAY NA SEMINAR-WORKSHAP SA MGA PARAAN NG PAGTUTURO NG MGA KASANAYANG DI-GAANONG NALILINANG**
**(Baitang 5 at Baitang 6)**

**Abril 14-16, 2020**
Mibang Hotel, Lungsod ng Dipolog

## TALATAKDAAN NG MGA GAWAIN

| Petsa at Oras | Paksa | Tagapangasiwa |
|---|---|---|
| **Abril 14, 2020 ng hapon** | **Day 0** | |
| 1:00 -2:00 | Pagsidating ng mga Kalahok/Rehistrasyon | Komite ng Rehistrasyon |
| 2:00 -2:30 | Pambungad na Palatuntunan | Komite ng Programa |
| 2:30-3:30 | Paglatag sa Resulta Ng Pananaliksik 2019 | Dr. Anita D. Subebe |
| 3:30-5:00 | Panayam 1: Pagbubuod | Marilisa E. Malagueño-MT 2 |
| | | |
| **Abril 15, 2020** | **UNANG ARAW** | |
| 7:45 - 8:00 | Panimulang Gawain | Komite |
| 8:00 - 9:30 | Panayam 2: Pagbabalangkas | Mary Antoniette Wahing MT 1 |
| 9:30 -11:00 | Panayam 3: Paghihinuha At Paghuhula | Mary Grace O. Elcamel MT 1 |
| 11:00-12:00 | Pagsusuri sa mga Banghay-Aralin (Baitang 5) | Mga Kalahok |
| | | |
| 1:30-3:00 | Panayam 4: Pagtukoy Sa Mahalagang Detalye | Mercy A. Cuenca -MT 2 |
| 3:00-4:00 | Panayam 5: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari | Ferlisa R. Eguia –P1 |
| 4:00-5:00 | Panayam 6: Pagpapakahulugan sa mga pahiwatig | Dr. Anita D. Subebe |
| **Abril 16, 2020** | **PANGALAWANG ARAW** | |
| 7:45 -8:00 | Panimulang Gawain | Komite |
| 8:00 -10:00 | Pakitang-turo ng mga Piling Kalahok | Taga-pakitang-turo |
| 10:00-11:00 | Pagbuo Ng Modyul ng Hulwarang Banghay-Aralin | Mga Kalahok |
| 11:00-12:00 | Pampinid Na Palatuntunan/Pagbibigay ng Sertipiko | Komite ng Gawad<br>Dr. Ma. Liza R. Tabilon<br>Dr. Lilia E. Abello |
| | | |
| | MALIGAYANG PAGLALAKBAY | Mga Kalahok |

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

## MGA BATAYANG KASANAYAN
## (Baitang 5)

**UNANG MARKAHAN**

Pakikinig (Pag-unawa sa Napakinggan)-**Gemma P. Mayonila**
**1. F5PN-Ia-4**
Naiuugnay ang sariling karanasang sa napakinggang teksto.
Pagsasalita (Wikang binibigkas)-**Rerocell R. Bolay-og**
**2. F5PS-Ia-j-1**
Naipapahayag ang sariling opinyon o reaskyon sa isang napakinggang balita isyu o usapan.
Pagsasalita Gramatika (Kayarian ng Wika)-**Adela B. Bongcawil**
**3. F5WG-Ia-e-2**
Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili,sa mga tao,hayop, lugar,bagay at pangyayari sa paligid.
Pagbasa (Pag-unlad ng Talasalitaan)-**Marilisa E. Malagueño**
**4. F5PT-Ia-b-1.14**
Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar pamamagitan ng gamit sa pangungusap .
Pagbasa (Pag-unawa sa Binasa)-**Esterloli Tulabing**
**5. F5PB-Ia-3.1**
Nasasagot ang mga tanong sa binasang kuwento.
Pagbasa (Estratehiya Sa Pag-aaral)-**Jerry Boy A. Taotao**
**6. F5EP-Ia-15**
Nabibigyang-kahulugan ang patalastas.
Pagsasalita (Gramatika) (Kayarian ng Wika)-**Ollie D. Gadayan**
**7. F5WG-Ia-e-2**
Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili,sa mga tao,hayop, lugar,bagay at pangyayari sa paligid.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-**Fima B. Ontolan**
**8. F5PB –I b-5.4**
Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas.
Pagbasa (Pag-unawa sa Pagbasa-**Joy O. Villa**
**9. F5PB-Id-3.4**
Nasasagot ang mga tanong sa binasang anekdota.
Pagbasa (Estratehiya sa Pag-aaral)-**Ma. Lily Velasco**
**10. F5EP-Id-6**
Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa isang paksa.
Panonood –**Ruth V. Acevedo**
**11. F5PD-Id-g-11**
Nailalarawan ang tagpuan at tauhan ng napanood na pelikula.

Pagbasa (Estratehiya sa Pag-aaral)-**Virginia T. Cabus**
**12. F5EP-Ie-8**
Nagagamit ang isinalarawang balangkas upang maipakita ang nakalap na impormasyon.
Pagsasalita(Gramatika)(Kayarian Ng Wika)-**Hazel M. Maningo**
13. **F5WG-If-j-3**
Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip sa usapan at paglalahad ng sariling karanasan.
Pagbasa (Pag-unawa sa pagbasa)-**Jisica A. Mawile**
**14. F5PB–If-h-11**
Naibibigay ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan / talambuhay.
Pagbasa (Pag-unalad ng talasalitaan)- **Melchor S. Tulabing**
**F5PT-IIc-1.10**
Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon.
Pagbasa (Estratehiya Sa Pag-aaral) **–Virgilia B. Jamarolin**
**15. F5EP-If-g-2**
Nabibigyang-kahulugan ang bar graph, pie, talahanayan at iba pa
Pagsasalita (Wikang Binibigkas)-**Christie Marie T. Hamoy**
**16. F5PS-Ig-12.18**
Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagsasabi ng hinaing o reklamo.
Pagbasa (Pag-unawa sa pagbasa)-**Emmylou P. Lopez**
**17. F5PB-Ig-8**
Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa isang talata.
Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral)-**Elena A. Requilme**
**18. F5EP-If-g-3**
Nabibigyang-kahulugan ang mapa ng pamayanan
Panood- **Monina T. Baidiango**
**19. F5PD-Ig-11**
Nailalarawan ang tagpuan at tauhan ng napanood na pelikula.
Pagbasa (Pag-unlad sa talasalitaan)-**Evangline T. Calapiz**
20. **F5PT-If-1.4**
Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan.
Pagbasa (Pag-unlad sa talasalitaan)- **Jessa Mariz L. Calimot**
**21. F5PT-Ih-i- 1.5**
Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng kasalungat.
Pagbasa (Pag-unlad sa Talasalitaan)-**Zita B. Caperig**
**22. F5PT-Ih-i- 1.5**
Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng kasalungat.
Pakikinig (Pag-unawa sa Napakinggan)-**Fe A. Caperig**
**23. F5PN-Ij-1.1**
Nakasusunod sa 2 – 3 hakbang na panuto.

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

**Pagbasa (Pag-unlad ng Talasalitaan)-Meichel Jay I. Daluz**
**24.** F5PT-Ij-1.14
Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng paglalarawan.
Panood-**Marivic M. Baquirquir**
**25.** F5PD-Ij-12
Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napanood na maikling pelikula.
Pagbasa (Pag-unawa sa pagbasa)-**Algen Nhova S. Mejorada**
**26.** F5PB-Ij-10
Naibibigay ang paksa ng isang talata.
**IKALAWANG MARKAHAN**
Pagsasalita (Gramatika) (Kayarian ng Wika)- **Jerry C. Brobo**
**27.** F5WG-IIj-4.5
Nagagamit ang pang-uri sa paglalarawan ng
mga makabagong kagamitan.
Pagbasa (Pag-unawa sa pagbasa)- **Jason L. Jaligue**
**28.** F5PB -IIj-5.2
Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong.
Gramatika (Kayarian Ng Wika) –**Marissa H. Adaro**
**29.** F5WG-IIa-c-5.1
Nagagamit nang wasto ang pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay tungkol sa mahahalagang pangyayari.
Pagbasa (Pag-unawa sa pagbasa)- **Hector R. Villagracia**
**30.** F5PB-IIa-4
Nailalarawan ang mga tauhan at tagpuan ng teskto.
Pagsasalita (Wikang Binibigkas)- **Marcelina P. Maraporio**
**31.** F5PS-IIb-12.1
Nailalarawan ang tauhan batay sa kilos at pagsasalita.
Gramatika (Kayarian ng Wika)- **Joan Bailo**
**32**. F5WG-IIb-5.2
Nagagamit nang wasto ang pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay tungkol sa tradisyon at sa iba't ibang okasyon.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-**Almie T. Esperat**
**33.** F5PB-IIb-3.2
Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano.
Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral)-**Lineth F. Vivares**
**34.** F5EP-IIb-j-11
Nakasusulat ng balangkas ng binasang teksto sa anyong pangungusap o paksa.
Pagsasalita (Gramatika) (Kayarian ng Wika)-**Rahsa Bica**
**35.** F5WG-IIa-c-5.1
Nagagamit nang wasto ang pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay ng mahahalagang pangyayari.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

## MGA KASANAYAN
## (Baitang 6)

**UNANG MARKAHAN**

Pagsasalita (Gramatika) (Kayarian ng wika) – **Charity Duhaylungsod**

**1.** F6WG-Ia-d-2

Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon.

Pagbasa (Pag-unlad ng Talasalitaan)- **Kalahok mula ng distrito ng Rizal**

**2.** F6PT-Ii-4.2

Nabibigyang kahulugan ang salitang hiram.

Pagbasa (Pag-unawa sa binasa) – **Tita T. Baldamor**

3. F6PB-Ib-5.4

Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas.

Pagbasa (Estratehiya Sa Pag-aaral) – **Lilibeth Baes**

**4.** F6EP-Ib-d-6

Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian.

Pagsasalita (Gramatika-Kayarian ng wika) –**Anecita Cora A. Kilat**

**5.** F6WG-Ia-d-2

Nagagamit nang wasto ang mga panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon.

Pagbasa (Pag-unawa sa binasa) –**Cory Mae C. Lumaot**

6. F6PB-Ic-e-3.1.2

Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong pang-impormasyon (procedure )

Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral)- **Adeline Tanilon**

7. F6EP-Ic-9.3

Nagagamit ang Dewey Classification System.

Pagsasalaita (Wikang binibigkas)-**Elsa B. Canizar**

8. F6PS-Id-12.22

Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng saloobin.

Pagsasalita (Gramatika – Kayarian ng wika)- **Chelly R. Balucos**

9. F6WG-Ia-d-2

Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon.

Pagbasa (Pag-unlad ng talasalitaan)- **Susan G. Panoril**

**10.** F6PT-Id-1.14

Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng gamit sa pangungusap.

Pagbasa (Pag-unald ng binasa) –**Warlen B. Becalas**

11. F6PT-Ie-1.8

Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

Pagsasalita- Gramatika (Kayarian ng wika)- **Melonie Pausal**
**12. F6WG-Ie-g-3**
Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip sa iba't ibang sitwasyon.
Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral) – **Marieta B. Castillo**
**13. F6EP-Ie-13**
Napupunan nang wasto ang kard na pang-aklatan.
Pagbasa (Pag-unlad ng talasalitaan)- **Myraluna Vailocis**
14. **F6PT-If-1.16**
Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ibang aralin.
Pagsasalita (Wikang Binibigkas) –**Audrey Christine Uy**
**F6PS-IIj-12.1**
Nailalarawan ang tauhan batay sa damdamin nito
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa) –**Regie B. Pampilo**
15. **F6PB-If-3.2.1**
Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano sa kuwento.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-**Jade G. Credo**
16. **F6PB-Ig-8**
Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang talata.
Pagbasa (Pag-unlad ng talasalitaan)-**Mary Ann Aguilar**
17. **F6PT-Ih-1.17**
Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng kayarian nito.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-**Jocelyn Magtajas**
**18. F6PB-Ii-14**
Nagagamit ang dating kaalaman sa pagbibigay ng wakas ng nabasang teksto.
Pagsasalita (Wikang Binibigkas)- **Mercy A. Cuenca**
19. **F6PS-Ij-1**
Naipapahayag ang sariling opinyon o reaskyon sa isang napakinggang balita isyu o usapan.
**Pagbasa (Pag-unlad ng talasalitaan) –Luna May B. Melindo**
20. **F6PT-Ij-1.10**
Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon.

IKALAWANG MARKAHAN

Pagsasalita-Gramatika-Kayarian ng wika) –**Ferly A. Sumalinog**
**21. F60L-IIa-e-4**
Nagagamit nang wasto ang pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa) – **Kalahok mula ng distrito ng Godod**
**22. F6RC-IIa-4**
Nailalarawan ang tauhan at tagpuan sa binasang kuwento.

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral)-**Teodosia L. Cabarrubias**
23. **F6SS-IIa-6**
Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian ayon sa pangangailangan.
Pagbasa (Pag-unlad ng talasalitaan)-**Virgilia T. Daarol**
**24. F6V-IIb-4.2**
Nabibigyang kahulugan ang salitang hiram.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-**Luzbella R. Salapac**
**25. F6RC-IIb-10**
Nasasabi ang paksa sa binasang sanaysay.
Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral)- **Grace Escalicas**
26. **F6SS -IIb-10**
Nakapagtatala ng datos mula sa binasang teksto.
Pagbasa (Estratehiya sa pag-aaral)- **Juvy A. Pamil**
27. **F6SS-IIc-8**
Nagagamit ang nakalarawang balangkas upang maipakita ang nakalap na impormasyon o datos.
Pagbasa (Pag-unlad ng Talasalitaan)- **Elsa O. Lugsanay**
**28. F6V-IId-1.5**
Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di-pamilyar na salita sa pamamagitan ng kasalungat.
Pagbasa (pag-unawa sa binasa)-**Carmen G. Rebecca**
29. **F6RC-IIdf-3.1.1**
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang talaarawan.
Pagbasa (Pag-unawa sa binasa)-**Cheryl Tumpag**
30. **F6RC-IIe-5.2**
Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong.
31. Pagsasalita –Gramatika (Kayarian ng Wika)- **Daisy E. Quiniquito**
**F6L-IIf-j-5**
Nagagamit nang wasto ang pandiwa sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwayson.
32. Pagbasa (Pag-unalad ng Talasalitaan-**Lindora G. Papud**
**F6V-IIf-4.4**
Nabibigyang kahulugan ang matalinghagang salita.
33. Pagbasa- Pag-unawa sa pagbasa-**Maricar E. Acaylar**
**F6RC-IId-f-3.1.1**
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang anekdota.
34. Pagsasalita- Gramatika (Kayarian ng wika) – **Apple P. Mortejo**
**F60L-IIf-j-5**
Nagagamit nang wasto ang pandiwa sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwayson.
35. Pagbasa –Pag-unalad ng Talasalitaan-**Eilen Teves**
**F6V-IIi-4.3**
Nabibigyang kahulugan ang tambalang salita.

**HULWARANG BANGHAY-ARALIN SA FILIPINO 6**
**IKAAPAT NA MARKAHAN**

I. LAYUNIN

Naibibigay ang impormasyong hinihingi ng nakalarawang balangkas.
(F6PB-IV-j-21)


II. PAKSANG-ARALIN
Mga Impormasyon Mula Sa Nakalarawang Balangkas
Gabay Pangkurikulum pahina 129
Sanggunian: Komunikasyon 6
Batayan at Sanayang Aklat Sa Filipino
Nina: Lorna B. Castillo at Jennifer F. Dichoso
Kuwento: "Ang Biyaya Ng Pagmamahal" pahina – 40
Awit: Nakasulat ng patula pahina 179
Mag- *log in* sa www.reinteractive.com upang ma-access ang useful links

III. PAMAMARAAN
**1. Bago Magbabasa**

**A. Pagganyak: 3 minuto**
Magpakita ang guro ng larawan ng mga sasakyan.







Itanong: Alin kaya sa mga sasakyang ito ang pinakamahal?
Kung papipiliin ka, alin dito ang pinakamagara na sasakyan?
Nangarap ka bang magkaroon ng ganito balang araw?

*** Puwede ring lalagyan ng guro ng presyo ang sasakyan sa likod nito, pagkatapos ay pahulaan nang papangkat kung magkano ang halaga.

Ngayong araw ay babasahin natin ang isang kuwentong tungkol sa isang binatang nangangarap na magkaroon ng sasakyang pangkarera. (Ipaliwang ng guro na ang sasakyang pangkarera ay may kamahalan.)

**B. Pag-alis Ng Sagabal: 5 minuto**

Bago iyan alamin muna natin ang mga mahihirap na salita mula sa kuwento.

Piliin mula sa mga plaskard na nakadikit sa sasakyan ang tamang salita na bubuo sa mga pangungusap at ilipat sa angkop na patlang ng bawat pangungusap.




**Pagsuri sa Salitang Inilalarawan**

1. Kapag ikaw ay nangakong magbabago, dahil napag-isip-isip mo ang mali mong nagawa, ito'y iyong______.
2. Ang nagbibigay proteksiyon sa isang babasahin ay ang kanyang ________.
3. Kapag ang iyong gawi ay di-sumusunod sa karaniwan, ito ay ___sa nakagisnan.
4. Ang isang bagay na gustong-gusto mong makamit ay iyong ________.
5. Kapag mailap sa iyo ang kaligayahan, ikaw ay puno ng ___________.

Mga kasagutan:

1. napagtanto
2. pabalat
3. taliwas
4. minimithi
5. pighati

**C. Pagbibigay Ng Pangganyak Na Tanong: 5 minuto**

Ang kuwentong ating babasahin ay pinamagatang "Ang Biyaya Ng Pagmamahal." Ito ay tungkol sa isang binata na naghahanda para sa kanyang pagtatapos sa kolehiyo. Habang nag-antay ng araw ng kanyang pagtatapos ay may sumagip sa isip niyang hihilingin mula sa kanyang ama ang isang regalo?

Gusto ninyo bang malaman kung anong regalo ang hiling niya?

Ano ang gusto ninyong malaman? Simulan ang iyong tanong sa ano.

*** Isulat ng guro sa pisara ang mga katanungan ng mga mag-aaral.

1. Ano ang hiling na regalo ng binata mula sa kanyang ama?
2. Ibinigay kaya ng ama ang regalong hiling ng binata?
   *** Puwedeng ipasagot sa mga bata (pahulaan) o maaaring hindi muna. Sabihin: Malaman natin ang mga kasagutan ng inyong mga tanong pagkatapos nating basahin ang kuwento.

**D. Pamantayan Sa Pagbasa Nang Tahimik - 2 minuto**

**(Sinusubaybayang tanong-sagot na pagbasa)**

Itanong: Ano-anong dapat tandaan sa pagbabasa nang tahimik?

**2. Habang Nagbabasa**

**E. Pagbabasa Nang Tahimik- 10 minuto**

**Ang Biyaya Ng Pagmamahal**

Isang binata ang naghahanda para sa kanyang pagtatapos sa kolehiyo. Nitong mga nakaraang buwan ay nahihilig siya sa sasakyang pangkarera kaya naman ito ang hiniling niya sa ama bilang regalo sa kanyang pagtatapos. **Batid** niyang may kakayahang bilhin iyon ng kanyang ama.

Sa araw ng kanyang pagtatapos, ipinatawag siya ng ama sa silid-aklatan at iniabot sa kanya ang isang kahong nakabalot. Agad niyang tinanggal ang balot nito. Ngunit laking gulat niya dahil **taliwas** sa inaasahan, isang Bibliya ang laman ng kahon. "Anak, labis akong naliligayahan at nakapagtapos ka ng iyong pag-aaral. Ipinagmamalaki kita," sabi ng kanyang ama.

"Itay, sa dami ng inyong salapi, ito lamang ang ibibigay n'yo sa akin?" sumbat ng anak sa ama. Umasa siya na ang sasakyang minimithi ang ibibigay sa kanya ng ama sa araw na iyon. Dahil sa naramdamang pagtatampo,**nilisan** ng anak ang bahay ng ama na hindi man lamang nabuksan ang Bibliya.

Naging matagumpay at maayos ang buhay niya, subalit, hindi lubos ang kanyang kasiyahan dahil palagi niyang naalala ang kanyang ama at ang kasalanang nagawa niya rito. Binalak niyang dumalaw sa ama para humingi ng tawad ngunit huli na dahil yumao na ang ama.

Dali-daling tinungo niya ang puntod ng ama at kahit huli na ay humingi pa rin siya ng tawad. Pagkatapos, umuwi siya sa bahay ng ama at pinangasiwaan ang mga naiwang gawain nito.

Nang inayos ng anak ang mga papeles sa silid-aklatan, nakita niya ang dokumentong naglalaman ng huling habilin ng yumaong ama. Isinalin pala sa kanyang pangalan ang lahat ng ari-arian ng kanyang pamilya. Nakita rin ng anak ang Bibliyang iniregalo ng ama sa araw ng kanyang pagtatapos. Nakalagay pa rin ito sa kahon at tila hindi pa nagamit kahit minsan. Nang binuklat niya ito, may nahulog na isang maliit ngunit mabigat na bagay. Isang susi! Dinampot niya ito at itinuloy ang pagsisiyasat sa libro.

Sa pahina kung saan niya binuksan ang Bibliya, nakita niyang nakaipit ang isang resibo. Nakasulat dito ang pangalan ng tindahan ng sasakyan na madalas niyang binibisita noon para silipin ang pinapangarp na sasakyan. Nakasulat din dito ang petsa kung kailan binili ang sasakyan – ang araw ng kanyang pagtatapos. Higit sa lahat, nakalagay sa resibo ang katagang *paid in full.*

Hayaan at bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral na magbabasa mula una at ikalawang bahagi (una at ikalawang talata) ng kuwento. Kapag napagmasdan ng guro na tapos na ang mga mag-aaral na nagbabasa sa dalawang talata ay magbigay siyang ng mga katanungan.

Itanong : 1. **Anong nahihiligan ng binata?**

2. **Paano natin ilarawan ang kanilang pamilya?**

Patuloy sa pagbabasa ng ikalawang bahagi.

**3. Bakit nagulat ang anak?**

**4. Ano ang naramdaman ng ama sa pagtatapos ng binata?**

Ipagpatuloy ng mga mag-aaral ang pagbabasa sa ikatlo hanggang ikalimang bahagi.
Itanong: **Bakit hindi lubos ang kaligayahan ng binata sa kanyang maayos at matagumpay na buhay?**

Patuloy sila sa pagbabasa sa ikaanim na bahagi/talata.

Itanong: 1. **Ano ang ginawa ng ama bago yumao?**

**2. Para saan ang susi na nahulog mula sa kahon?**

Tapusin ang pagbabasa nang tahimik sa huling talata.

Itanong: 1. Ano ang ginawa ng binata pagkatapos matuklasan ang ginawa ng ama?.

2. Paano natin ilarawan ang naramdaman ng binata?

**1. Pagkatapos ng pagbabasa nang Tahimik:**

**F. Pagsagot sa mga Pangganyak na Tanong – 2 minuto**

Masasagot na natin ang tanong ninyo kanina(nakasulat sa pisara).
Sino ang makapagsagot sa unang tanong? Ikalawa?

1. Ano ang hiling na regalo ng binata mula sa kanyang ama?
2. Ibinigay kaya ng ama ang regalong hiling ng binata?

**G. Mga Tanong Sa Pag-unawa – 3 minuto**

1. Gaano ka mahal ng ama ang binata?
2. Bakit pinamagatang "Ang Biyaya Ng Pagmamahal" ang kuwento?

**H. Pagpapahalaga – 2 minuto**

Paano natin mapahalagahan o masusuklian ang pagmamahal sa atin ng ating mga magulang.? Anong magagawa natin kung tayo'y magkasala/sumuway sa kanila?

**I. Pagtatalakay sa paggawa ng balangkas mula sa kuwento – 10 minuto**
**Ipaliwanag ng guro ang kasunod na balangkas.**

Naihahanda na ng guro ang balangkas na nasa ibaba bago ang aralin.

# Paggawa Ng Balangkas

Ang **balangkas** ay tumutukoy sa mga pangunahing paksa at detalye ng isang dokumento, plano o nilalaman ng isang akda. Maaari itong papaksa, pangungusap, o patalata at lohikal ang kaayusan.

| | | |
|---|---|---|
| **Papaksa** – parirala ang ginagamit sa paglalahad ng ideya. | **Pangungusap** – ang ginagamit sa paglalahad ng ideya. | **Patalata** – talata ang ginagamit sa paglalahad ng ideya. |

Ipaliwanag ng guro ang katuturan ng balangkas, mga impormasyong napapaloob dito lalo na kung paano inilalahad ang mga ideya. Tingnan ang balangkas sa ibaba.

Paalala sa guro: Kailangang naihanda na ng guro ang mga istrip kung saan nakasulat ang mga kasagutan ng bata at ang skeleton kung saan idikit ng mga mag-aaral ang mga istrip. Pangkatin sa tatlo ang klase at italaga kung aling kahon ang buuin nila. Ipabuo ng mga mag-aaral ang balangkas nang pabilisan.

Balikan natin ang nabuong balangkas ng kuwento mula sa mga kasagutan ninyo kanina sa mga tanong.

Ang unang kahon ay ang mga kasagutan sa mga tanong bilang 1 at 2 kanina, sa pangalawang kahon ang mga kasagutan sa ikatlo at ikaapat na tanong, samantalang, ang pangatlong kahon ang tatalatang nabuo mula sa mga katanugang nasagot natin mula ikaanim na bahagi hanggang sa katapusan ng kuwentong binasa natin.

Pansining mabuti ang nagawa nating balangkas.

Tingnan ang balangkas sa ibaba.

Itanong: 1. Ano ang mga impormasyong napapaloob sa unang kahon?
2. Paano inilalahad ang ideya tungkol sa mag-ama/pamilya?

## Ang Biyaya Ng Pagmamahal

| Papaksa | Pangungusap | Patalata |
|---|---|---|
| **1.-sasakyang pangkarera**<br>**2. -mayamang pamilya** | **3. Nagulat ang anak sa regalong natanggap.**<br>**4. Labis na naliligayahan ang ama sa pagtatapos ng anak.** | **Bago yumao ang ama ay isinalin sa pangalan ng anak ang kanyang mga ari-arian. Nabili ng ama ang regalong inaasam ng anak sa kanyang pagtatapos. Ibinigay niya ang Bibliya kalakip ang resibo ng sasakyan.** |

3. Sa papaanong paraan inilalahad ang ideya tungkol sa reaksiyon ng binata at ng naramdaman ng ama sa pagtatapos ng binata?

**IV. Ebalwasyon: 8 minuto**

**Panuto:** Basahin at unawain ang pabula at pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan tungkol sa balangkas na nasa ibaba.

**Si Leon At Kambing**

Isang Kambing ang nagpahiwalay sa kanyang mga kasama. Sa paghahanap sa kanyang mga kasama, napagod sa kalalakad ang kambing. Uhaw na uhaw rin ito kaya nang makakita ng sapa ay lubha siyang natuwa.

" Sa wakas ay makaiinom na rin ako," wika niya sa kanyang sarili.
Iinom na sana siya nang biglang dumating ang isang Leon.

"Hoy, Kambing!, Walang magagawa ang sungay mo sa matatalas kong ngipin," pagmamalaki ni Leon.

Mag-aaway na sana ang dalawa nang mapatingin ang Leon sa itaas. Nakita niya ang mga buwitreng lumilipad.

"Naku! Kambing, alam mo ba ang ibig sabihin ng mga buwitreng iyon?" tanong ni Leon.

"Hinihintay nila tayong magpatayan para kainin nila ang aing bangkay," sagot ni Kambing.

Biglang nawala ang galit nila sa isa't isa.

"Sige, Kambing, Ikaw na ang maunang uminom," mungkahi ni Leon.

"Hindi ikaw ang hari kaya dapat mauna ka na," wika naman ni Kambing.

"Sabay na lang tayong uminom," sabi ni Leon'

"O sige," mahinahong sagot ni Kambing.

**Si Leon At Kambing**

**1.-isang Kambing**
**2. –uhaw na uhaw**

1

**3. Iinom na sana siya nang biglang dumating ang isang Leon.**
**4. Nakita nila ang mga buwitreng lumilipad.**

2

**Hinihintay ng mga buwitre na magpatayan ang Kambing at Leon upang kainin ang bangkay. Nawala ang galit ng isa't isa at nagkaunawaan. Naging mahinahon ang dalawa at kapwa iinom ng tubig sa sapa.**

3

1. Ano ang mga impormasyong napapaloob sa unang kahon?
   A. Hayop na nagpahiwalay sa kanyang mga kasama.
   B. Hayop na madalas makisama.
   C. Hayop na ayaw sa iba.
   D. Hayop na lagalag.
2. Sa ikatlong kahon, masasalamin ang isang mabuting saloobin, ano ang kaugnayan nito sa tunay na buhay?
   A. Ang tao ay may asal ding katulad ng sa hayop.
   B. Ang tao ay maging kung minsan ay galit.
   C. Ang tao ay makapatawad at mahinahon.
   D. Ang tao ay mapagkumbaba.
3. Paano inilalahad ang ideya tungkol sa dalawang hayop?
   A. Inilalahad nang papaksa.
   B. Inilalahad sa pamamagitan ng pangungusap.
   C. Inilalahad nang patalata.
   D. Inilalahad gamit ang ibat' ibang salita.
4. Ano ang kahalagahan ng paggawa ng balangkas ng kuwento?
   A. Ang balangkas ay nagbibigay ng direksiyon.
   B. Ang balangkas ay makatutulong sa pag-unawa.
   C. Ang balangkas ay katulad ng panuto na dapat sundin.
   D. Ang balangkas at nagpaiba sa kahihitnatnan ng kuwento.
5. Kung bubuo ka ng buod sa kuwento gamit ang balangkas, paano ito gagawin?
   A. May isang Kambing na uhaw na uhaw. Naglakad siya ng naglakad hanggang sa nakita ang sapa.
   B. Hinihintay ng mga buwitre na magpatayan ang Kambing at Leon upang kainin ang bangkay ng dalawa.
   C. Iinom n asana siya nang biglang dumating ang isang Leon. Nakita nila ang mga buwitreng lumilipad.
   D. Uhaw na uhaw ang Kambing. Nais niyang iinom ng tubig mula sa sapa nang biglang dumating ang Leon at nakita nila ang mga buwitre. Nawala ang galit ng dalawa at sabay na iinom ng tubig.

**Mga Kasagutan**

1. **A - pag-unawa**
2. **C - paglalapat**
3. **C - pagsusuri**
4. **B - pagpapahalaga**
5. **D - pagbubuo**

NAT-LIKE AYTEM = IKAAPAT NA MARKAHAN = FILIPINO 6

1. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan. (F6PB-IVb-10) (PAGLALAPAT)

Basahing mabuti ang sanaysay at sagutin ang kasunod na tanong.

May panahon noon na mapapansing halos lahat ng mga bakuran at likod-bahay ay may mga tanim na gulay. Dahilan ito sa isang proyektong inilunsad upang makasapat ang mga gulay sa pangangailangan ng mga mamamayan. Naging mura ang halaga ng mga gulay sa pamilihan at ang karamihan ay nagkaroon ng pagkakataong makabili ng gulay na kailangan lalo na ng mga batang lumalaki.

Samakatuwid, kung may mga bakanteng lote o walang tanim na mga bakuran, makabubuting tamnan ang mga lupang ito. Mapalad ang Pilipinas sapagkat may matabang lupa at magandang klima rito. Walang dahilan upang hindi makapagpatubo ng gulay sa bakuran ang mga mamamayang may bakanteng lupang mapagtamnan.

Bukod sa pagkakaroon ng sapat at masusustansyang gulay na ating kailangan, ano pa ang maidagdag mo para sa kabutihang naidudulot ng pagtatanim ng gulay batay sa iyong karanasan?

A. pagdami ng gulayan
B. malulusog ang mga kabataan
C. pagiging maganda ng bakuran
D. pagbaba ng halaga ng mga gulay

2. Nasasabi ang paksa ng binasang sanaysay. (F6PB-IVb-10)-(PAG-UNAWA)

Basahin ang sanaysay at sabihin ang paksa nito.

Ang malalakas na bisig ng mga kabataan ang makatutulong sa pagpa-unlad ng lipunan. Dapat na nakahanda ang kabataang Pilipino na ibigay ang abot ng kanilang makakaya para sa ikagagaling ng kanilang Inang Bayan.

Kailangang ang kabataan ay buong pusong makilahok sa pagtatag ng maunlad na lipunan. Tinatawagan sila na tumulong sa pagpapaunlad ng mga nayon at iba pang lugar na nangangailangan, sapagkat sa mga lugar na ito lalong kapaki-pakinabang ang kanilang malalakas at matitipunong mga bisig at ang kanilang pagkamakabayan.

Aling pangungusap ang nagsasabi ng kabuuan ng sanaysay?


A. Kailangan ang mga kabataan sa pagpapaunlad ng mga nayon at nangangailangang lugar.
B. Kailangang makapasyal ang mga kabataan sa mga lalawigan.
C. Kailangang pumunta ang mga kabataan sa nayon.
D. Kailangang umiikot sila sa pamayanan.

3. Nabibigyang kahulugan ang idyoma o matalinghagang salita.(F6PT-IVe-4.4)

Diplomasya at hindi kamay na bakal ang paraan ng guro sa pakikitungo sa mga may kasalanan. Ano ang kahulugan ng sinasalungguhitang parirala?

A. matigas ang kamay
B. marahas na paraan
C. mabigat ang kamay
D. madaliang paraan

4. Nakagagawa ng patalastas at usapan gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita. (F6WG-IVb-1-10) (PAGBUBUO)




Mula sa larawan, anong patalastas ang maaari nating buuin?

A. Bigatin ang halaga!
Sa dami magpahalaga
Halina at bili na talaga
Sa surf at wala ng iba pa.

B. Maglinis
Maglaba
Magpahalaga
Sa Tuwi-tuwina

C. Bili na
Sa kinakailangan
Andito lang sa tumana
Sa mga bata paglaruan

D. Heto na
Mga bata naglaro
Iba't iba ang baro
Ng kanyang mga kalaro.

5. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.
(F6PB-IVi-3.2.2)

Basahin ang kuwento at pagkatapos ay ayusin ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

**Ang Walang Utang Na Loob**

Isang umaga, si Lou, ang isang aso ay nakakita ng isda sa may lawa. Agad niya itong sinagpang . Isang munting buto nito ang tumusok sa kanyang lalamunan. Hindi maalis-alis nito ang buto. Naging napakasakit at sa tindi ng sakit at paghihinagpis, siya ay umatungal nang malakas.

Maghapon itong naglakad sa gubat. Naghanap ng maaring makapag-alis ng buto sa kanyang lalamunan. Isa man sa kanyang nilapitan ay walang makatulong. Alas tres na ng hapon nang makausap nito si Candy, isang uri ng ibon sa ilalim ng puno ng akasya. Si Candy ay may mahabang tuka at alam ni Lou na ito rin ay mabait.

Paluhod pang nangako si Lou na aalisin lamang ni Candy ang buto sa kanyang lalamunan ay ibibigay nitong lahat ang kanyan g ari-arian. Madali namang nahabag si Candy at sinabi nitong susubukin niyang alisin ang buto. Humiga si Lou sa may batuhan at ibinuka nito nang husto ang kanyang bibig. Dahan-dahang ipinasok naman ni Candy ang kanyang mahabang tuka upang maabot ang maliit na buto sa lalamunan ni Lou.

Nang maalis ang buto sa lalamunan ni Lou, hiningi ni Candy ang kanyang gantimpala. Humalakhak si Lou nang malakas at inilabas ang kanyang matatalim na pangil at sinabi " Magpasalamat ka at hindi kita kinain nang ipasok mo ang iyong maliit na ulo sa aking bibig."

Ay, naku! "ang sinumang nasa kagipitan nga naman, ang sumpa't pangako'y walang katapusan."

Buuin ang mga pangyayari ayon sa wastong pagkasusunod-sunod nito sa kuwento.

Nagkausap sina Candy at Lou.
1

Nakakita ng isda si Lou sa may lawa.
2

Nakadama ng matinding sakit si Lou.
3

Nahabag si Candy At inalis ang buto sa lalamunan .
4

A. 2-1- 4-3
B. 1-2-3- 4
C. 2-3-4-1
D. 2-3-1-4

**MGA KASAGUTAN**

1. C - Paglalapat
2. A - Pag-unawa
3. B - Pagsusuri
4. A - Pagbubuo
5. D - Pagbubuo